San Francisco
Shared Spaces

Mga Alituntunin sa Disenyo ng Mga Binahaging Espasyo

Paggamit ng bangketa o paradahan sa kalye para sa iyong negosyo

sf.gov/SharedSpaces | v. 1.28.2021

311 Free language assistance / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Trợ giúp Thông dịch Miễn phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / 무료 언어 지원 / Libreng tulong para sa wikang Filipino / การช่วยเหลือทางด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย / خط المساعدة المجاني على الرقم

Pinakamahusay na Kasanayan

Ang programang Binahaging Espasyo ng San Francisco ay ginawa para sa mga lokal na negosyo upang makapagbigay ng serbisyo sa labas nang ligtas sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Ito ang mga alituntunin sa paggawa o paggamit ng Binahaging Espasyo sa madilim, malamig, at mauulang buwan. Suriin ang kumpletong Mga Alituntunin sa Disenyo online sa: **sf.gov/file/shared-spaces-design-guidelines-using-sidewalk-or-parking-lane**.

Kaligtasan sa Sunog

Ang paggamit ng propane ay pinapangasiwaan ng Departamento ng Sunog. Kinakailangan ang Permit sa Pagpapatakbo ng SFFD para sa pag-imbak at paggamit ng liquid propane gas (Code sa Sunog ng San Francisco 105.6.27). Pumunta sa **www.sf-fire.org/permits** para suriin ang mga alituntuning ito, o tumawag sa **628-652-3260** para sa higit pang impormasyon.

- Hindi pinapayagan ang mga open flame na aparato.
- Gumamit ng mga panlabas na heating fixture nang ligtas at alinsunod sa Mga Kinakailangang Code ng Estado at Lungsod.
- Hindi maaaring ilagay ang mga Propane Heater sa ilalim ng mga overhead canopy, awning, sa loob ng mga gusali o tent. Mayroon dapat 5 talampakang layo mula sa anumang materyales na madaling masunog.
- Ang Propane ay madaling masunog at umapoy. Kung nakapaloob o nakalantad sa apoy, may dalang panganib na sumabog ang propane. Mas mabigat ang Propane kaysa sa hangin, ibig sabihin ay naiipon ito sa mababababang lugar, kung saan umiiral ang mga tao at pinagmumulan ng pag-apoy.
- Ang mga imbakan sa mismong lugar ng 20-pound na lalagyan ng propane ay ipinagbabawal sa loob. Ang ipinapanukalang imbakan sa labas ng mga 20-pound na lalagyan ng propane ay nangangailangan ng pagsusuri ng plano at inspeksyon ng SFFD.
- Kung walang aprubadong imbakan sa labas ang mga restaurant, dapat tanggalin ang lahat ng lalagyan ng propane sa mga pasilidad sa pagsara ng negosyo.

Kakayahang Magalaw at Mailipat

Hangga't maaari, **iwasang maglagay ng mga istrukturang magastos baguhin, ilipat, at palitan.** Maaaring magbago ang Mga Pampublikong Direktiba sa Kalusugan at ang kaukulang Mga Alituntunin sa Disenyo ng Mga Binahaging Espasyo sa paglipas ng panahon.

MGA PADER AT ENCLOSURE

Mga Sightline

Magpanatili ng malilinaw na sightline sa Binahaging Espasyo. Makikita mo dapat ang Mga Binahaging Espasyo mula sa bangketa sa kalye. Makakatulong ito sa mga taga responde sa panahon ng emerhensiya na maisagawa nang maayos at ligtas ang kanilang trabaho. Ang mga kapaligiran ng bangketa ay mas ligtas din kapag nakikita ng mga manlalakad ang paligid nila.

Daluyan ng hangin

Nililimitahan ng mga aktibidad sa labas ang panganib ng transmisyon ng COVID-19. **Dapat maglaan ang Mga Binahaging Espasyo ng sapat na cross-ventilation** sa pasilidad ng kainan. Dapat mong sundin ang pinakabagong gabay mula sa CDPH at SFDPH, habang ina-update ang mga iyon.

MGA DECK AT PLATAPORMA

Pangkalahatang Pagkakamit

Ang lahat ng tao ay dapat na makalampas nang ligtas at kumportable sa mga kalye at bangketa. Dapat kang magpanatili ng hindi bababa sa 6' na lapad sa daanan ng mga naglalakad sa bangketa nang walang mesa, upuan, at iba pang kagamitan.

Drainage

Pigilan ang pagbaha sa mga bangketa sa pamamagitan ng paglalagay ng drainage ng tubig-ulan sa mga gutter kapag may bagyo. 6 na pulgadang lapad x 6 na pulgadang taas ang pinakamababa na walang balakid na espasyo ng gutter na dapat ilaan sa kahabaan ng kurbada.

311 Free language assistance / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Trợ giúp Thông dịch Miễn phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / 무료 언어 지원 / Libreng tulong para sa wikang Filipino / การช่วยเหลือทางด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย / خط المساعدة المجاني على الرقم

Disenyo ng Lugar

Maaari mong gamitin ang paradahan para: gawing curbside pickup area para sa mga sasakyan, espasyo para sa pagpila ng mga kostumer mo nang may pisikal na pagdistansya, pag-upo o pagkain, mga personal na serbisyo, bentahan, at libangan. Kakailanganin mong maglaan ng mga barikadang ayon sa batas para magamit ang espasyong ito.



A Binahaging Espasyo na Bangketa

B Binahaging Espasyo na

C Kurbada Ayon sa batas na diverter (Pinakamababang Sukat: 30in Hx12in Wx24in L)

D Ayon sa batas na barikada (42in H)

E Minimum na 6ft malawak na tuluy-tuloy na malinaw na landas para sa mga pedestrian

F Minimum na 6ft sa pagitan ng mga lugar ng pag-upo

G Walang balakid na lugar sa ilalim ng mga hagdan ng fire escape

H Ang espasyo ng bangketa at kurbada malapit sa ADA blue curb ay wala dapat na naka balakid sa lahat ng oras

I Ang espasyo ng curbside malapit sa interseksyon ay wala dapat balakid (pinakamababa na 15 talampakang walang bakid kapag lalabas sa interseksyon)

J 4 na talampakang walang balakid sa paligid ng fire hydrant o fire connection

K 8 talampakang clearance kapag papasok sa interseksyon

L 1 talampakang clearance sa pagitan ng barikada at linya ng trapiko

M Para sa Mga Binahaging Espasyo ng Bangketa: pinakamababa na 2 talampakang lapad ng diverter sa 90 degrees flush sa gusali

N Pinakamababa na 3 talampakang pagitan sa daanan sa panahon ng emerhensiya sa bawat 20 talampakan, na may patindig at pahiga na clearance

Bago ka bumuo ng istruktura, isaalang-alang ang sumusunod:

- Maaaring maglaan ng kumportableng espasyo nang may mga ayon sa batas na barikada at kasangkapan. Hindi kinakailangang maglagay ng Binahaging Espasyo sa mga matatag na istruktura.
- Kung makakapagbigay ka ng mga katumbas na magagamit na amenity sa bangketa o sa pamamagitan ng magagamit na rampa, hindi kinakailangan ang deck o plataporma para **gawing magagamit ang iyong Binahaging Espasyo.**
- Maaari kang maglaan ng **magagamit na rampa** sa Binahaging Espasyo ng iyong paradahan: 8.3% pinakamataas na lihis (1:12), nang may matataas na gilid, (**halimbawa**).

Ang mga istruktura sa bangketa ay dapat dalhin sa loob matapos ang pagsasara ng negosyo.

Ang mga istruktura sa paradahan ay hindi dapat maharangan ang pagtanaw ng mga motorista sa mga tawiran o senyales ng trapiko.

Dapat mong sundin ang mga alituntuning ito at pirmahan ang pagpapatunay sa huling pahina ng dokumentong ito.

Kaligtasan sa Sunog at Akseso sa Emerhensiya

EMERHENSIYA NA DAANAN NG PAGBIYAHE

Ginagamit ng mga tagaresponde sa panahon ng emerhensiya ang pinakadirektang daanan para makapunta sa gusali mula sa kalye para tulungan ang mga mamamayang nangangailangan ng medikal na pansin o para sa operasyon sa pagpatay ng sunog. Ang pagharang sa daanan sa panahon ng emerhensiya ay maaaring humantong sa kaagad na panganib sa kalusugan o kaligtasan ng buhay. **Inaatas ang mga sumusunod na alituntunin sa kaligtasan:**

- Kinakailangan ang pinakamababa na 3 talampakang lapad na daanan sa panahon ng emerhensiya, na may vertical at horizontal clearance, sa bawat 20 talampakang haba ng istruktura, o mula sa mga kasalukuyang katabing Binahaging Espasyo, parklet, o iba pang istruktura sa paradahan (tingnan ang Larawan 1).
- Wala dapat na anumang mesa at upuan o iba pang elemento sa pagitan. Ang daanan sa pagitan ng gusali at ng bawat 3 talampakang lapad na pasukan ng daanan sa panahon ng emerhensiya, sa pamamagitan ng Mga Binahaging Espasyo at bangketa, ay dapat na manatiling walang fixed na overhead na balakid (mga string light, canopy, dekorasyon, heater, kawad, pole, atbp.) sa lahat ng pagkakataon. Ang mga hagdan at iba pang pang-emerhensiya na kagamitan ay maaaring kailanganing ipasok sa daanan patungo sa gusali (tingnan ang Larawan 1).
- Dapat ay madaling matatanggal ng tagaresponde sa panahon ng emerhensiya ang barikada (tingnan ang Larawan 2).
- Ang lahat ng kable, cord, o kawad ay dapat nasa ground level at tinatakpan ng naaprubahang ADA na accessible na kable na rampa (1:12 lihis) (tingnan ang Larawan 3). HINDI pinapayagan ang pag-tape o pagtali ng mga overhead na kawad.
- **Wala dapat bahagi ng istruktura ang lalampas sa 10 talampakang taas,** (kasama ang mga pole, poste, canopy, kawad, string light, karatula, o pergola) habang sinusunod pa rin ang pinakamataas na 42 pulgadang mataas na enclosure na kinakailangan sa konstruksyon sa itaas. Kung gagawa ng istruktura kung saan mayroong mga overhead na linya ng Muni, ang tuktok ng istruktura (kasama ang bubong) ay hindi dapat na mas mataas sa 9' mula sa ibabaw ng daan.
- **Ang address para sa bawat storefront ay dapat na ipakita sa taas na 36-42 pulgada sa kalyeng nakaharap sa gilid ng enclosure na pader/guardrail at makikita ng mga tagaresponde sa panahon ng emerhensiya.** Ang mga numerong address ay dapat na pinakamababa na 4 na pulgada ang taas (5/8 pulgada ang lapad ng stroke) nang may mga itim na numero sa puting background.



Larawan 1

Larawan 2



Larawan 3



Kaligtasan sa Sunog at Akseso sa Emerhensiya

SPACE HEATER REQUIREMENTS

- **Ang paggamit ng propane ay pinapangasiwaan ng Departamento ng Sunog. Kinakailangan ang Permit sa Pagpapatakbo ng SFFD para sa pag-imbak at paggamit ng liquid propane gas (Code ng Sunog ng San Francisco 105.6.27).**
  Pumunta sa www.sf-fire.org/permits o tumawag sa 628-652-3260 para sa higit pang impormasyon.
- Kinakailangan ang isang plano ng lugar kung saan nakasaad ang gustong lokasyon ng bawat heater sa oras ng aplikasyon. Magsasagawa ng pinal na onsite na inspeksyon sa permit ng SFFD para matiyak ang maayos na espasyo ng mga heater mula sa mga combustible at daanan papasok/papalabas sa panahon ng emerhensiya.
- Gumamit ng mga panlabas na heating fixture nang ligtas at alinsunod sa Mga Inaatas ng Code ng Estado at Lungsod.
- Ang Propane ay madaling masunog at umapoy. Kung nakapaloob o nakalantad sa apoy, may dalang panganib ng pagsabog ang propane. Mas mabigat ang Propane kaysa sa hangin, ibig sabihin ay naiipon ito sa mababababang lugar, kung nasaan ang mga tao at pinagmumulan ng pag-apoy.
- Hindi maaaring ilagay ang mga Propane Heater sa ilalim ng mga overhead canopy, awning, sa loob ng mga gusali o tent.
- Mayroon dapat 5 talampakang layo mula sa anumang materyales na madaling masunog. (tingnan ang Larawan 4)
- Ang imbakan ng 20-pound na lalagyan ng propane ay ipinagbabawal sa loob. Ang mga ipinapanukalang imbakan sa labas ng 20-pound na lalagyan ng propane ay nangangailangan ng pagsusuri ng plano at inspeksyon ng SFFD.
- Kung walang aprubadong imbakan sa labas ang mga restaurant, dapat tanggalin ang lahat ng lalagyan ng propane sa mga pasilidad sa pagsasara ng negosyo.

Para sa reperensiya lang ang larawan. (Larawan mula sa Mga Binahaging Espasyo)

Larawan 4

Pampainit ng espasyo - Distansya



Mga Pader at Enclosure

VISIBILITY

- Ang enclosure ay hindi dapat bababa sa 42 talampakan ang taas.
- Kung gusto mong maglagay ng mga panel na mas mataas sa 42 talampakan para ihiwalay ang mga mesa o magsilbing barikada ng hangin, gumamit ng mga transparent na materyales na gaya ng acrylic, plexiglass, plastic film. Dapat ay ligtas at matibay ang mga panel. Kailangan mong sundin ang mga alituntunin sa Daluyan ng hangin pati na rin ang (tingnan ang susunod na seksyon).
- Hindi dapat harangan ng enclosure ang tanaw ng trapiko, kasama ang trapiko ng mga tao sa daan, o ang mga aparato sa pagkontrol ng trapiko gaya ng mga karatula at senyales ng trapiko. Hindi dapat nito maharangan ang natatanaw ng mga motorista na senyales ng trapiko sa layong 200 talampakan (kalahating kalye).
- Dapat mong markahan ang mga gilid o sulok ng iyong enclosure gamit ang mga intensity retro-reflective tape o reflector para makita sa gabi.
- Dapat sumunod ang lahat ng enclosure sa **Mga Panuntunan sa Pangkalahatang Aksesibilidad ng Mga Binahaging Espasyo.** Tingnan ang seksyon sa ibaba para sa higit pang detalye.

Larawan 5

Pader



KASANGKAPAN

- Sundin ang parehong gabay para sa Mga Binahaging Espasyo sa **seating or dining**
- **Sundin ang mga protokol sa pisikal na pagdistansya.**

Halimbawa ng enclosure: Magpanatili ng visual na koneksyon sa bangketa habang nagbibigay ng matibay at matatag na enclosure.

Para sa reperensiya lang ang larawan. (Larawan mula sa Mga Binahaging Espasyo)

Huwag harangan ang bisibilidad. Kung gusto mong gumamit ng mga partisyon na mas mataas sa 42 pulgada, gumamit ng see-through at transparent na materyales.

Para sa reperensiya lang ang larawan. (Larawan mula sa Mga Binahaging Espasyo)

Mga Pader at Enclosure

DALUYAN NG HANGIN

Nag-isyu ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health) ng gabay para sa **Paggamit ng Mga Pansamantalang Istruktura para sa Mga Pagpapatakbo ng Negosyo sa Labas**. Karagdagang impormasyon sa: **www.cdph.ca.gov**

- Kasama sa mga air-permeable na materyales ang: lattice na kahoy na may malalaking pagitan na slat, o coarse mesh screen.
- Kasama sa mga air-permeable na materyales ang: mga plastic film, acrylic, o plexiglass.
- Ang anumang patindig na panel na air-impermeable nang higit sa 42 pulgada ay itinuturing na pader.
- Ang mga epasyo sa panlabas ay hindi maaaring nasasara o bahagyang nasasara ng mga patayo na pader. Tinatanggap ang mga parallel na pader.
- Mag-install lang ng mga air-impermeable na barikada sa pagitan ng mga grupo ng upuan nang nakabukas ang dalawang magkahilera na gilid para dumaloy ang hangin.

Larawan 6

Pagsunod



Mga Deck at Plataporma

PANGKALAHATANG AKSESIBILDAD

Ang panukalang istruktura ay idinisenyo, itinayo at/o sumusunod sa mga naaangkop na probisyon, panuntunan, regulasyon at alituntunin ng: Code ng Gusali ng (SFBC, San Francisco Building Code) at mga inaatas sa aksesibilidad ng Batas sa May Kapansanang Amerikano ng 2010 (ADAAG, Americans with Disabilities Act 2010 Standards accessibility requirements). Dapat ding sundin ng lahat ng istruktura ang aming mga pamantayan sa aksesibilidad para magamit ang paradahan para sa iyong negosyo: **sf.gov/information/make-your-shared-space-accessible**

- **Magagamit na Pang-ibabaw ng Deck:** Ang bahagi ng parklet deck na konektado sa aksesibilidad na likuang daanan ng wheelchair at lagayan ng wheelchair ay dapat na patag. Ang pinakamataas na cross na lihis ng magagamit na pang-ibabaw ng deck (patayo sa bangketa o kurba) ay hindi maaaring lampas sa 1:48 (2%). Ang pinakamataas na cross na lihis ng magagamit na pang-ibabaw ng deck (magkahilera sa kurba) ay hindi maaaring lampas sa 1:48 (2%).
- **Mgagamit na pasukan:** pinakamababa na 48 pulgada ang lapad.
- **Magagamit na daanan:** Dapat nitong makonekta ang bangketa sa magagamit na pasukan, pang-ibabaw ng deck, likuang daanan ng wheelchair at lagayan ng wheelchair.
- **Likuan ng wheelchair:** Dapat ay 60 pulgada ang diameter at makikita sa plataporma; tinatanggap ang 12 pulgadang pinakamataas na lampas sa kurba at bangketa.
- **Lapagan ng wheelchair:** 30x48 na pulgadang walang balakid na sahig. Pinapayagang lumampas sa Likuan ng Wheelchair nang 24 na pulgadang pinakamataas sa anumang oryentasyon.
- **Kung makakakuha ang iyong negosyo ng permit sa Binahaging Espasyo sa isang kalyeng lampas sa 5% na grado,** makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon ng aksesibilidad sa iyong permit.
- **Ang lihis at cross-slope ng mga magagamit na lugar ay hindi dapat lumampas sa 2%.** Sa ilang sitwasyon, maaaring makatulong ang plataporma o deck sa pagtugon sa mga kinakailangan sa aksesibilidad ng lihis at cross-slope.
- **Dapat kang magsagawa ng mga naaangkop na aksyon para maging magagamit at ligtas.**

Larawan 7

Accessibility Diagram



A MAGAGAMIT NA DAANAN
B MAGAGAMIT NA PASUKAN
C MAGAGAMIT NA PANG-IBABAW NG DECK
D LIKUAN NG WHEELCHAIR
E LAGAYAN NG WHEELCHAIR
F COMPANION SEATING NG WHEELCHAIR
G MGA KATUMBAS NA PASILIDAD
H HAKBANG SA PAGITAN NG MGA BALKONAHE (KAPAG KINAKAILANGAN)
I BUFERED EDGE KUNG SAAN MABABA ANG KURBA

Mga Deck at Plataporma

MGA DETALYE NG DISENYO

- Dapat magpanatili ang istruktura ng **12 pulgadang layo mula sa katabing daanan**, o 12 pulgadang layo mula sa labas ng gilid ng markadong paradahan
- **Matitibay na materyales** na kayang maiwasan ang mga bagay na makakasanhi ng sira. Responsibilidad mong panatilihin ang lahat ng elemento ng plataporma sa maayos na kondisyon.
- **Limitasyon:** Ang deck o plataporma ay dapat na pantay o dikit sa bangketa at wala dapat pagitan na higit sa 1/2 pulgada, o patindig na pagitang higit sa 1/4 pulgada. (tingnan ang Larawan 8)

MGA UTILIDAD

- Ang lahat ng istruktura sa paradahan ay dapat na may daanan para sa mga pampublikong utilidad para sa pagmementina at pagkukumpuni (hal. maglaan ng mga access panel, matatanggal na paver).
- **Bolting:** Hindi dapat tanggalin o ikabit ang mga fixture sa anumang paraan sa daanan o sa anumang istruktura (kasama ang, pero hindi limitado sa: mga gusali, fire hydrant, puno sa kalye, streetlight o traffic pole, atbp.)
- **Konkreto:** Hindi pinapayagan ang pagbuhos ng konkreto para sa mga plataporma ng Mga Binahaging Espasyo. Maaari kang gumamit ng mga konkretong paver sa istruktura ng plataporma.
- Ang mga materyales ng pang-ibabaw ay dapat na textured o gamitan ng non-skid coating para matiyak ang ligtas na lakaran. Hindi pinapayagan ang mga loose particle, gaya ng buhangin o loose stone.
- **Drainage:** Ang mga plataporma ay dapat na may daluyan ng curbside drainage. Dapat maglaan ng 6 x 6 na pulgadang pinakamababa na espasyo ng gutter sa kahabaan ng panukalang plataporma. (tingnan ang Larawan 9)

Larawan 8

Threshold



Larawan 9

Kanal



Pagpapatunay

MGA RESPONSIBILIDAD KO

- Nauunawaan ko na pansamantala lang ang permit sa Mga Binahaging Espasyo, at hindi ito katumbas ng permit sa Parklet.
- Responsibilidad kong tanggalin ang anumang istruktura kapag nag-expire ang permit sa Mga Binahaging Espasyo.
- Titiyakin ko na ang espasyong inookupa at mga serbisyong inaalok sa ilalim ng permit ay sumusunod sa mga naaangkop na kautusan at direktiba sa kalusugan, pati na rin sa lahat ng batas na nangangailangan ng aksesibildad para sa mga taong may mga kapansanan at ang espasyo at mga serbisyo ay hindi nakakahadlang sa mga tagaresponde sa panahon ng emerhensiya.
- Nabasa ko at nauunawaan ang mga inaatas sa dokumentong ito. Sa pamamagitan ng paglagda rito, tinatanggap ko ang mga kondisyong nakasaad sa dokumentong ito, at walang pananagutan ang Lungsod at Lalawigan ng San Francisco sa anuman at sa lahat ng pananagutang magmumula sa paggamit ng paglalagay.

- Tingnan ang mga responsibilidad ng may-ari ng permit ng Mga Binahaging Espasyo
- Tingnan ang lahat ng protokol sa kaligtasan tungkol sa pagpapatakbo ng mga kainan sa labas

MGA RESPONSIBILIDAD KO

Magsumite ng anim (6) na litrato ng istruktura para mapatunayan ang pagsunod. Makikita dapat sa litrato ang mga pamantayang nakalista sa dokumentong ito. Sundin ang gabay na inilalarawan sa diagram na ito.

Larawan 10

- **Pirmahan ang form na ito at isumite ang iyong mga litrato bilang bahagi ng iyong aplikasyon para sa permit sa mga Binahaging Espasyo**
- **O i-email ang nilagdaang form at mga litrato sa SharedSpacesPermit@sfdpw.org**

PIRMA KO

Pirma:	Petsa:
Pangalan:	**Numero ng Permit:**
Address:	